# MGA VACCINATION SITES, INIHAHANDA NA

Daily Tribune (Philippines) · 28 Jan 2021 · 2 · NI SEBASTIAN NAVARRO

Ngayon pa lamang ay naghahanda na ang mga local government units (LGU) sa Metro Manila na magtalaga ng mga vaccination sites sakaling dumating na ang mga coronavirus disease (COVID-19) vaccines sa bansa.

Inihahanda na ng mga LGU ang kanikanilang mga eskuwelahan, gyms at simbahan na maaaring gawing inoculation sites.

Sa Mandaluyong City, gagamit ang LGU nila ng mga eskuwelahan kung saan nasa 10 public school sa lungsod ang gagawing vaccination site sa oras na dumating sa bansa ang mga bakuna.

"Ten identified schools, okay na siya. Ang mga principal, nandiyan sila para magobserve. We also have one buffer school," sabi ni Mandaluyong Public Information Officer Marvin Capco.

Bilang paghahanda na rin, nagsagawa nitong Miyerkules ng simulation sa Mandaluyong, kung saan aabutin ng mula 12 hanggang 15 minuto ang proseso ng pagpapabakuna at ayon kay Mandaluyong City Health Officer Alex Santa Maria, target nila na mabakunahan ang 5,000 residente kada araw.

Matapos maturukan, kailangang manatili muna ang residente sa mga classroom, na magsisilbing observation area, sa loob ng 30 minuto hanggang isang oras.

Ayon kay Dr. Cesar Tutaan ng Mandaluyong Medical Center, handa silang tumugon sakaling may makaranas ng adverse reaction sa bakuna.

Sa San Juan City naman, ang San Juan Gym ang gagawing pangunahing vaccination site ng lungsod dahil maluwag umano ito at napakadaling mapanatili ang physical distancing.

Sa 122,000 na populasyon ng lungsod, target mabakunahan ang 80,000.

Kung kinakailangan, handa rin daw ang lokal na pamahalaan na gawing vaccination center ang mga piling barangay hall at eskuwelahan.

"We will be tapping some barangay halls whose health centers and basketball courts are connected. We are also tapping public schools," sabi ni San Juan Mayor Francis Zamora.

Si Quezon City Mayor Joy Belmonte, nagpaabot ng pasasalamat sa Diocese of Novaliches sa pagpayang nitong gawing vaccination sites ang kanilang mga simbahan at dagdag niya, ang paglahok ng simbahan sa vaccination drive ay makatutulong para mahikayat ang mga residente na magpabakuna.

Sa Novaliches pa lang, 15 malaking parokya na ang magagamit ng lokal na pamahalaan para sa COVID-19 vaccination drive.